IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

EDUWIKA: ISANG PAGSUSURI SA NETSPEAK TUNGO SA AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO

Jinky Literatus[1], Julie Ann Orobia[2]

[1] *Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos Bukidnon, Philippines*
[2] *Central Mindanao University, Musuan, Maramag Bukidnon, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.14226743

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang impluwensiya ng Netspeak sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa kolehiyo, partikular sa Don Carlos Polytechnic College (DCPC). Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga uri ng Netspeak na karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagsulat at ang impluwensiya nito sa kanilang pagsulat at pag-unawa sa mga akademikong teksto. Sa pamamagitan ng deskriptibong-analitikong disenyo ng pananaliksik, ginamit ang kuwantitatibong paraan ng pag-aaral. Ang mga datos ay nakuha sa pamamagitan ng random sampling na pamamaraan mula sa limampung (50) mag-aaral ng ikalawang taon sa DCPC na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapakita na mataas ang frequency count ng abbreviation, unique orthography, at internet slang sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng pag-aaral na mayroong tatlong (3) uri ng Netspeak ang namumutawi sa kanilang akademikong sulatin: abbreviation, unique orthography, at internet slang. Ang impluwensiya ng Netspeak sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral ay mahalaga at dapat bigyang-pansin. Ipinapakita ng mga resulta na ang paggamit ng Netspeak ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa kalidad at propesyonalismo ng kanilang pagsulat. Kaya naman, mahalaga na gabayan at turuan ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika sa akademikong larangan upang mapanatili ang kalidad ng kanilang komunikasyon at pagsulat.

Susing salita: *Netspeak, akademikong pagsulat, abbreviation, unique orthography, internet slang*

INTRODUCTION

Ang pagsusuri ng iba't ibang uri ng komunikasyon, tulad ng pananalita at pagsulat, ay nakasalalay sa konsepto ng diskurso. Ito ay naglalaman ng mga pananaw, ideya, at paniniwala na nakapaloob sa mga mensahe na ipinapahayag ng mga indibidwal sa kanilang mga talakayan. Sa paglutaw ng internet ay nagbigay ito ng daan sa makabagong paraan ng pakikipagdiskurso ng mga taong gumagamit nito (Monderin at Go, 2021). Ika nga ni Almario (2018), pagkakabuo ng salita ay gawain ng lahat. Ito ay isang penomeno dahil nakadepende ito sa panahon. Kaya naman nang mabuo ang internet ay hindi na rin kataka-taka na maraming nabuong mga bagong salita.

Ito ang nagpapatunay sa isang katangian ng wika na ito ay nagbabago sa pagdaan ng panahon (Monderin at Go, 2021). Mas pinadali pa ang pagpapaunlad ng wika ng naimbento at umunlad ang teknolohiya. Ang paggamit ng e-mail, chat messages, blogs, at mga social media site tulad ng Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube ay ginagawang mas madali ang pakikipagpalitan ng mga ideya at impormasyon.

Ang internet ay nagsimula sa Kagawaran ng Depensa (Department of Defense) ng gobyerno ng Amerika, ang ARPAnet (Facts, I. O. T. I.-. I. T. &., 2019). Ito ay isang sistema ng komunikasyon na ginamit kapag mayroong impormasyong kailangang ilipat mula sa iba't ibang lugar. Lumago ang mga gumamit ng internet at isa na riyan ay ang larang ng edukasyon, ang gobyerno, at iba pang nais isulong ang kani-kaniyang mga interes (Ramota, 2013). Sa kasalukuyan ay hindi lang mga kilalang establisyemento ang gumagamit kundi pati na rin ang mga tao sa lipunan. Ayon nga kay Dr. Jaime Caro (2007) ng UP ITTC (Unibersidad ng Pilipinas, Information Technology Training Center) ay unti-unti ng lumiliit ang mundo sa tulong ng internet. Nakabuo na rin ito ng isang komunidad na tinatawag na online community na binubuo naman ng mga netizen (Bond, 2020).

Sa pagkakabuo ng komunidad ay nagkaroon din ng sariling wika ang mga taong gumagamit nito. Ito ang daan sa pagkakaroon ng pagbabago sa konteksto ng pakikipagkomunikasyon na nagdadala ng panibagong varayti ng wika na batay sa computer-mediated communication technology (Ramadhani, 2019). Ang mga wikang nabuo ay weblish, netlingo, e-talk, tech-speak, wired- style, geekspeak, at netspeak na siyang karaniwang termino upang ilarawan ang wika ng internet (Salvacion at Limpot, 2022). Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa netspeak, isang wika na itinatampok ang parehong makrong kasanayang pasalita at pagsulat na ginagamit ng mga tao sa internet. (Monderin at Go, 2021). Ito ay mga wikang ginagamit sa kahit na anong online na pakikipagkomunikasyon kagaya ng mga chat rooms, o hindi naman kaya ay mga posts na mula sa Facebook, Twitter, at iba pang mga social media sites (Shaari, at Bataineh, 2015).

Ang pagbuo ng netspeak ay nagdulot ng bagong pag-aaral ng iba't ibang aspekto ng wika. (Shaari, at Bataineh, 2015). Ito ay ang wikang ginagamit ng internet na may mga katangiang kagaya ng abbreviation, initials, emoticons, at mga pinaikling salita (Baron, 2008). Ito ay nagpapatunay na buhay ang wika at naiiba-iba ang salita at parirala dahil sa pag-uyon ng mga ito sa iba’t ibang kultura at lugar (Mahmood et. al, 2019).

Naniniwala naman sina Greenfield at Subrahmanyam sa pag-aaral nina Shaari at Bataineh, (2015) na ang wikang ito ay may pagkakatulad lang sa pasalita at pasulat na wika. Ito ay dahil sa kahit na ginagawa sa paraang pasulat ay gumagamit pa rin ito ng diyalogo at pagpapalitan ng mensahe gamit ang iba't ibang uri ng pagsulat kaya nga lang ay may kakaunting kamalian sa balarila at may pagka-impormal.

Ang paggamit ng netspeak sa pagsasalita ng Filipino ay tumutulong sa mga tao na maunawaan at ipahayag ang kanilang mga ideya. Sa pamamagitan ng paggamit nito, mas napadadali ang pagpapahayag ng kanilang mga ideya at konsepto sa mas malawak at mas malalim na paraan. Gayunpaman, ang paggamit ng netspeak sa paraan ng pagsulat ng mga mag-aaral ay nagdulot din ng mga alalahanin (Shaari at Bataineh, 2015). Sa pag-aaral na isinagawa nina Shaari at Bataineh, (2015), sinabi ni Pallettieri na ang ideya ng "netspeak" na ginagamit sa internet ay katulad ng ideya na ginagamit sa natural at face-to-face na komunikasyon.

May isa pang pangamba sa paggamit ng social media na tinatawag na social displacement (Hall, at Liu, 2022). Ito ay isang teorya na nagsasaad na kapag mas maraming oras ang iginugugol sa mundo ng social media ay mas kaunti ang ibinibigay na oras para sa pakikipagkomunikasyon sa ibang mga taoMaraming nagsasabi na ang netspeak ay may malaking epekto sa paraan ng pagsulat ng mga mag-aaral. Hindi sila mapipigilan sa paggamit nito (Thangaraj at Maniam, 2015). Ang mga aplikasyon ay nagpapakita ng pagbabago at pag-unlad sa iba't ibang aspeto ng buhay, tulad ng edukasyon. Maraming mag-aaral, lalo na sa mga medyor sa Filipino, ang nakaranas ng negatibong epekto sa kanilang akademikong pagganap dahil sa paggamit ng mga online na application at ang patuloy na paggamit ng Netspeak. Ang mga pahayag nina Hall, at Liu (2022) at Thanaraj at Maniam (2015) ang siyang dahilan kung bakit nabuo ang pag-aaral na ito. Napansin ng mananaliksik na maraming mag-aaral sa kolehiyo na nagpapakadalubhasa sa Filipino ay tila ba nahihirapang pag-ibahin ang paraan ng pagsulat sa formal at informal na paraan. Halimbawa, imbes na wala ang tamang pagbaybay, minsan ay ginagawa itong wla kapag sumusulat ng formal na sanaysay. Ito ay malaking problema lalo pa at nasa antas tersiyarya na ang mga ito at sa susunod ay magtuturo na rin sila. Kaya naman, dala ng pag-aaral na ito ang layuning ipakita ang mga netspeak na makikita sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Research Questions

Upang makamit ang pangkalahatang layunin at mga tiyak na layunin ay nabuo ang mga sumusunod na suliranin na nilalayong masagutan sa pagsasagawa ng pananaliksik.

> Ano-ano ang mga baryasyon ng *Netspeak* ng mga salitang madalas na ginamit sa akademikong pagsulat?

METHODOLOGY

Ang isinagawang pag-aaral ay nakamit sa tulong ng kuwantitatibong paraan. Ito ang

ginamit sa kadahilanang nakatulong ito sa pagsuri sa mga awtput ng mag-aaral na nagtataglay ng n*etspeak* at nagpapakita ng baryasyon ng mga salitang madalas nilang ginagamit. Sa pagsusuri naman sa ikatlong layunin ay ginamit ang diskriptibong estatistika na mean upang maging balido ang datos.

Ginanap ang pag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College (DCPC) ng Don Carlos, Bukidnon. Ang paaralan ay matatagpuan sa P-2 Norte, Don Carlos ng Lungsod ng Don Carlos, Bukidnon at nasa ilalim ng pamumuno ng lokal na pamahalaan ng Don Carlos. Ito ay nasa ilalim ng pamumuno ng munisipyo ng Don Carlos.

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Gurong Pang-edukasyon na kasalukuyang kumukuha ng Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino na nasa ikalawang taon. Pinili ang mga mag-aaral sa ikalawang taon dahil sila ang kasalukuyang kumukuha ng asignaturang FIL 104 na may deskriptibong pamagat na *"Estruktura ng Wikang Filipino".* Ninanais tingnan ng mananaliksik kung may mamumutawi pa bang netspeak sa kanilang pagsulat kahit na kumukuha na sila ng asignaturang ito sa unang semestre ng taong panuruan 2023-2024. Sa asignaturang ito kasi ay itinuturo ang tamang estruktura ng wika at ang tamang pagbaybay at gamit ng mga salita.

Random sampling ang ginamit sa pagpili ng respondente ng pag-aaral sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay kabubuoan ng dalawang seksiyon. Kumuha lamang ng tig-dadalawampu't limang (25) mag-aaral sa dalawang seksiyon at sa kabuoan ay bumuo sa limampung (50) mag-aaral na lumahok sa pag-aaral nang boluntaryo at walang pagpipilit.

Para makuha ang kabuoang impormasyon ay ginamit na batayan sa pag-aaral ang pag-aaral ni Crystal (2011) tungkol sa *linguistic features*. Dito ay sinuri ang isinaad niyang kategorya sa kaniyang pag-aaral ng *Netspeak*. Ang una ay ang *compound, blend,* pagdadaglat o *abbreviations, acronym,* kakaibang pagbaybay o *unique orthography, unventional use of punctuation marks, at emoji.* Pagkatapos masuri ay ipinangkat niya ang mga ito sa angkop na kategorya nila.

Pangalawa naman ay bumuo ng isang talatanungan upang makamit ang ikatlong layunin tungkol sa lebel ng impluwensiya ng *netspeak* sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ito ay nahati sa tatlong (3) indikasyon: ang unang indikasyon ay hinggil sa komunikasyon sa akademikong sulatin gamit ang *netspeak* na kung saan ay napatutungkol ito sa magiging resulta sa paggamit ng *netspeak* sa akademikong sulatin. Ang pangalawang indikasyon naman ay hinggil sa epekto ng *netspeak* sa pag-unawa at interpretasyon ng akademikong sulatin. At ang panghuli ay hinggil sa pagtanggap at ebalwasyon ng *netspeak* sa akademikong sulatin ng mga mag-aaral. Ang talatanungang ito ay dumaan sa *pilot testing* na kung saan ay tiningnan ang reliability nito. Ang mga kalahok sa ginawang *testing* ay mga mag-aaral sa kolehiyo sa parehong programa subalit mas mataas ang taon. Sa kabuoan, ang talatanungan ay nakakuha ng Cronbach alpha na 0.952 na nangangahulugang ang *reliability* ay mataas. Bukod sa *reliability test* ay dumaan din sa kamay ng isang dalubwikang guro sa sekundarya ang talatanungan upang tingnan at ibalida ang balarila, pagbaybay, at ang

koneksiyon nito sa layunin ng pag-aaral. Para sa paraan ng pagmamarka ay narito ang sumusunod na kuwalitatibong interpretasyon:

Talahanayan 1. Paraan ng pagmamarka

Iskala	Scale Interval	Deskriptibong Interpretasyon	Kuwalitatibong interpretasyon
5	4.51 – 5.00	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas ng negatibong epekto
4	3.51 – 4.50	Sumasang-ayon	Mataas ang negatibong epekto
3	2.51 – 3.50	Katamtamang sumasang-ayon	Katamtaman ang negatibong epekto
2	1.51 – 2.50	Hindi sumasang-ayon	Mababa ang negatibong epekto
1	1.00 – 1.50	Lubos na hindi sumasang- ayon	Napakababa ng negatibong epekto

Ang mananaliksik ay nagpadala ng isang liham para sa Presidente ng paaralan ng Don Carlos Polytechnic College upang humingi ng pahintulot na makapagsagawa ng pag-aaral kasama ang mga mag-aaral bilang mga impormante. Nang napahintulutan, ang mananaliksik ay lumapit sa dekana ng Kolehiyo ng Gurong Pang-edukasyon upang humingi ng kopya ng mga pangalan ng mga mag-aaral na siyang naging respondente sa pag-aaral. Hiningi ng mananaliksik ang kopya ng mga pangalan ng mag-aaral mula sa ikalawang taon sa kolehiyo na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa taong panuruan 2023-2024. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang *random sampling* technique.

Gumamit ang mananaliksik ng Likert Scale sa intrumentong istatistikal na deskriptibong istatistikal na mean upang mas mapadali ang pag-aanalisa ng mga datos. Pagkatapos maikategorya ay kinuha ang mean ng bawat isa at tiningnan ang iskala nila kung saan ba ang pinakamataas at pinakamadalas na kategoryang lumabas sa mga akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

Para sa pagkamit ng ikatlong layunin ay kinuha rin ang mean ng tatlong sub-variable na nagpapakita ng lebel ng impluwensiya ng *netspeak* sa makikita sa pagsulat ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa (a) Komunikasyon sa akademikong sulating gamit ang *netspeak*; (b) Epekto ng *netspeak* sa pag-unawa at interpretasyon ng akademikong sulatin; at (c) Pagtanggap at ebalwasyon ng *netspeak* sa akademikong sulatin.

RESULTS

Ang *Netspeak* ay unti-unti nang nagiging norm sa mga kabataan sa buong mundo (Thangaraj, Maniam, 2015). Sa kadahilanang ito, nagpahayag na ang mga guro, at pamilya ng mga mag-aaral ng kanilang saloobin. Sa pag- aaral na isinagawa ay napag-alaman na mataas ang frequency count ng abbreviation, sumunod ang unique

orthography, at panghuli ang internet slang.

Talahanayan 2. Ang Lexical na Pattern ng *Netspeak*

Mga Pattern ng *Netspeak* sa Akademikong Sulatin	Frequency	Bahagdan
1. Pagdadaglat o *Abbreviations*	32	47.76
2. Kakaibang Pagbaybay o *Unique Orthography*	27	40.30
3. Salitang balbal sa internet o *Internet Slang*	8	11.94
Kabuoan	67	100

DISCUSSION

Ang mga Uri at Barayti ng *Netspeak* sa Akademikong Pagsulat

Kung babalikan ang sinabi ni Crystal (2011) sa kaniyang pag-aaral, mayroong pitong (7) uri ng *Netspeak*. Ang mga ito ay *compounding, blending, abbreviation, acronym, unique orthography, unconventional use of punctuation marks,* at *emoji*. Subalit, kagaya ng ipinakita sa Talahanayan 2 ay may tatlong (3) uri lamang ng *netspeak* ang namutawi sa akademikong sulatin ng mga mag-aaral. Ito ay ang pagdadaglat o *Abbreviations*, kakaibang pagbaybay o *Unique Orthography*, at salitang balbal sa internet o *Internet Slang*.

Ang Pagdadaglat o *Abbreviation*

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga salitang nabibilang sa *netspeak* sa ilalim ng pagdadaglat o *Abbreviation*. Mayroong tatlumpu't dalawang (32) mga salita ang nakita sa loob ng limang (5) klaseng sanaysay na ginawa ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino na sinuri ng mananaliksik.

Talahanayan 3. Mga Salita sa Pagdadaglat o Abbreviation

Front Clipping	Middle Clipping	Back Clipping	Clipping with spelling change
"meron"	"attensyon"	"isat-sa"	“Di”
"yan"		"impluwenya"	"yong"
"pwede"		"pano"	"pag"
"syang"		"indibidwal"	"nong”
“Sweldo”		"nadun"	“Ikraksiyon”
"stratehiya"		“Manunubo”	
"mna"		“Ays”	
"gyera"		“eh imprve”	
"pwesto"		"nag-kakyud"	
“Skwelahan”		"hind"	
"plosyon"		"kun4"	
"inpormasyon"		"nag-kokonek"	

“Bgo”		“Bayn”	
"meron"			

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga salita na kakikitaan ng pagdadagdag o *abbreviations*. Hinati ito ayon sa apat na uri ng pagdadaglat: *front clipping, middle clipping, back clipping,* at *clipping with spelling change.* Narito ang tiyak na paliwag sa bawat uri nito:

1. *Front Clipping* na kung saan ito ay ang pagtatanggal ng bahagi ng salita na makikita sa unang bahagi ng salita. Sa pag-aaral na ito ay mayroong labintatlong (13) salita ang nakita sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay ang *"stratehiya", "inpormasyon", "yan", “gyera”, “meron”, “pwesto”, "syang", “Sweldo” at “Skwelahan”.*

2. *Middle Clipping* na kung saan ay tinatanggal ang gitnang bahagi ng salita na kung saan ay naiiwan ang ilang letra sa una at huling bahagi ng salita. Ang pag-aaral na ito ay nakakita lamang ng isang (1) salita na gumamit ng middle clipping: atensyon.

3. *Back Clipping* na tinatanggal naman ang huling bahagi ng salita. Sa pag-aaral na ito ay mayroong labintatlong (13) salita. Ang mga ito ay ang "indibidwal", "nadun", “Bayn”, “Manunubo”, “Ays”, “eh imprve”, "nag-kakyud", "hind", "kun4", "nag-kokonek", "impluwenya", "isat-sa" at "pano".

4. *Clipping with spelling change* ay ang pagtatanggal ng una o huling bahagi ng salita na may dagdag na letra upang kumpletuhin ang pagdadaglat. Ang mga idinagdag na letra ay nadagdagan sa kulay ng salita. Sa pag-aaral na ito ay mayroon lamang limang (5) salita ang nakitang gumamit ng clipping na may pagbabago sa pagbaybay. Ang mga ito ay "pag", "nong”, "yong", “Di” at “Ikraksiyon”

Batay sa naging resulta, ipinapakita na sa ilalim ng kategoryang pagdadaglat o *abbreviation* ay nahati pa ito sa apat na kategorya, na kung saan ang pinakapinakaumulit ay ang *back clipping* na mayroong 13 uri ng salita. Ang resultang ito ay tila pumapangalawa sa pag-aaral na ginawa nina Fitrisia D., at Nasir C. (2021). Sa kanilang pag-aaral ay lumabas na ang pinakalumutang na uri ng pagdadaglat ay ang back clipping na may labing-walong (18) bahagdan. Ipinaliwanag sa pag-aaral na ito na ginagamit ang pagdadaglat upang makatipid sa oras ng pagsulat. Ito rin ay ipinaliwanag pang lubos sa pag-aaral ni Crystal (2011) bakit kilala o popular at mas ginagamit ang *back clipping* kaysa sa iba pang uri ng clipping.

Talahanayan 4. Mga Salita sa Pagdadaglat sa ilalim ng *Middle Clipping at Front Clipping*

Blg.	Salita	Orihinal na Salita	Frequency	Uri
1	"attensyon"	Atensiyon	1	*Middle Clipping*
2	"meron"	Mayroong	10	*Front Clipping*
3	"yan"	iyan	8	*Front Clipping*

4	"pwede"	puwede	8	*Front Clipping*
5	"syang"	Siyang	4	*Front Clipping*
6	“Sweldo”	Suweldo	4	*Front Clipping*
7	"stratehiya"	estratehiya	4	*Front Clipping*
8	"mna"	muna	3	*Front Clipping*
9	"gyera"	Giyera	2	*Front Clipping*
10	"pwesto"	Puwesto	2	*Front Clipping*
11	“Skwelahan”	Eskuwelahan	2	*Front Clipping*
12	"plosyon"	polusyon	2	*Front Clipping*
13	"inpormasyon"	impormasyon	2	*Front Clipping*
14	“Bgo”	Bago	1	*Front Clipping*

Ipinapakita ng talahanayan 3 ang uri ng pagdadaglat sa ilalim ng Middle clipping at front clipping. Sa pag-aaral na ito ay mayroon lamang isang (1) salita ang nakitang gumamit ng middle clipping at ito ay ang “attensyon”. Nakakuha naman ng labintatlong (13) salita ang *front clipping*. Ang mga ito ay ang "stratehiya", "inpormasyon", "yan", “gyera”, “meron”, “pwesto”, "syang", “Sweldo” at “Skwelahan”.

Sa *front clipping* ang pinakapinakaumulit na salita ay ang salitang *"meron”.* Pinakaumulit ito ng sampung (10) beses. Ito marahil ay dala ng madalas na ginagamit ito sa pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay. Nagpapakita ito ng pagkakaroon o pag-aari. Ito ang pinakapinakaumulit na salita dahil na rin sa paksa ng sanaysay na sinuri. Ang pinagbatayang sanaysay kasi ay nakapokus sa pagpapaliwanag ng ugnayan ng paaralan, kalikasan, at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, ang pinakamababang frequency ay 1, at ito ay para sa dalawang salita na *"attensyon"* at *"Bgo".* Ang dalawang ito ay may parehong mean na 1, na nangangahulugang pareho silang hindi gaanong ginagamit sa nabanggit na listahan. Ang kanilang mababang mean ay maaaring magpahiwatig na ang mga salitang ito ay hindi gaanong karaniwan o hindi gaanong ginagamit sa partikular na leksikal na pattern o konteksto.

Talahanayan 5. Mga Salita sa Pagdadaglat o Abbreviation sa uring *Clipping with spelling Change*

Blg.	Salita	Orihinal na Salita	Frequency	Uri
1	“Di”	Hindi	37	*Clipping with spelling Change*
2	"yong"	Iyong	8	*Clipping with spelling Change*
3	"pag"	Kapag	2	*Clipping with spelling Change*
4	"nong”	Noong	2	*Clipping with spelling Change*
5	“Ikraksiyon”	Interaksiyon	2	*Clipping with spelling Change*
Kabuoan			51	

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng mga salitang netspeak na nabibilang sa leksikal na pattern na abbreviation sa ilalim ng uri ng *clipping with spelling change*. Dito, ang nangyayari ay ang pagtatanggal ng una o huling bahagi ng salita na may dagdag na

letra upang kumpletuhin ang pagdadaglat. Ang mga idinagdag na letra ay nadagdagan sa kulay ng salita. Sa pag-aaral na ito ay mayroon lamang limang (5) salita ang nakitang gumamit ng clipping na may pagbabago sa pagbaybay. Ang mga ito ay "pag", "nong", "yong", “di” at “Ikraksiyon”

Sa talahanayan makikita na ang salitang *"di"* ang may pinakamalaking frequency na 37, samantalang ang iba pang salita ay may mas mababa ang frequency. Ang *"di"* ay isang maikling paraan ng pagpapahayag ng "hindi" sa Filipino. Ito ay isang pangkaraniwang salita na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. Ang *"yong"* ay isang paraan ng pagpapahayag ng "iyong" na may kaugnayan sa pagmamay-ari sa Filipino. Ang *"pag"* ay isang maikling paraan ng pagpapahayag ng "kapag" sa Filipino, na tumutukoy sa isang partikular na sitwasyon o pangyayari. Ang "nong" ay isang maikling paraan ng pagpapahayag ng "noong" sa Filipino, na tumutukoy sa nakaraang panahon o petsa ng isang pangyayari. Ang "Ikraksiyon" ay isang salitang kinalalaman sa medisina na nangangahulugang "Interaksiyon" sa Ingles. Ito ay isang espesyalisadong termino na hindi gaanong karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Talahanayan 6. Mga Salita sa Pagdadaglat o Abbreviation sa uring *Back Clipping*

Blg.	Salita	Orihinal na Salita	Frequency	Uri
1	"isat-sa"	isa't isa	5	*Back Clipping*
2	"impluwenya"	impluwensiya	4	*Back Clipping*
3	"pano"	Paano	4	*Back Clipping*
4	"indibidwal"	Indibiduwal	3	*Back Clipping*
5	"nadun"	Nandoon	2	*Back Clipping*
6	“Manunubo”	Manunubok	2	*Back Clipping*
7	“Ays”	Ayos	2	*Back Clipping*
8	“eh imprve”	I-improve	2	*Back Clipping*
9	"nag-kakyud"	kumakayod	2	*Back Clipping*
10	"hind"	hindi	2	*Back Clipping*
11	"kun4"	kung	2	*Back Clipping*
12	"nag-kokonek"	Nagkokonekta	2	*Back Clipping*
13	“Bayn”	Bayan	1	*Back Clipping*
Kabuoan			13	

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng mga salita, sa ilalim ng leksikal na uri ng pagdadaglat o abbreviation at sa ilalim ng back clipping. Ang *Back Clipping* ay ang pagtatanggal ng letra sa huling bahagi ng salita. Sa pag-aaral na ito ay mayroong labintatlong (13) salita. Ang mga ito ay ang *"indibidwal", "nadun", “Bayn”, “Manunubo”, “Ays”, “eh imprve”, "nag-kakyud", "hind", "kun4", "nag-kokonek", "impluwenya", "isat-sa"* at *"pano"*. Makikita sa itaas na ang salitang *"isat-sa"* ang may pinakamalaking frequency na 5, samantalang ang iba pang salita ay may mas mababang frequency.

Ang "isat-sa" ay isang paraan ng pagpapahayag ng "isa't isa" sa Filipino. Ito ay isang pangkaraniwang salita na ginagamit sa pakikipag-usap para ipahayag ang

pagtutulungan o pagkakaisa ng mga tao. Ang "impluwenya" ay isang salitang Filipino na mula sa salitang ng "impluwensiya" na may katumbas naman sa Ingles na *influence*. Ito ay tumutukoy sa kapangyarihan o bisa ng isang tao o bagay sa pagpapabago o pag-aapekto sa ibang tao o bagay.

Ang *"pano"* ay isang maikling paraan ng pagpapahayag ng "Paano" sa Filipino, na tumutukoy sa paraan o paraan ng paggawa ng isang bagay. Ang *"indibidwal"* ay isang paraan ng pagpapahayag ng salitang *"indibiduwal"* na tumutukoy sa isang tao bilang isang hiwalay o indibiduwal na entidad.

Sa simpleng pagpapakita ng mga *frequency*, ang *"isat-sa"* ang may pinakamalaking *frequency* na 5, samantalang ang iba pang salita ay may mas mababang *frequency*. Ang pagkakaiba sa *frequency* ng mga salita ay maaaring magbigay ng ideya sa kanilang pangkaraniwang pagkakagamit sa isang partikular na konteksto o kategorya ng wika.

Sa kabuoan, ipinapakita pa rin na *back clipping* ang may pinakamalaking mean. Sa pag-aaral ni Crystal (2011) ay mayroong apat na rason kung bakit ito ang pinakapinakaumulit. Una, ay dahil sa *effieciency.* Ang *back clipping* ay maaaring mas pinipili na gamitin ng mga mag-aaral dahil sa pagiging mabilis at madaling isulat. Pangalawa ay dahil sa *phonological adaptation.* Ayon sa teoryang ito ay mas natural o mas madaling bigkasin o isulat ang uring ito ng *clipping* kaysa sa *front clipping* o iba pang uri. Sa ganitong paraan, mas madaling maunawaan ng mga tao kung paano babasahin o bibigkasin ang mga salita. Pangatlo ay ang *frequency at familiarity.* Sinasabi na mas madalas ginagamit o mas kilala sa mga tao ang ganitong uri kaysa sa iba. At panghuli naman ay *orthographic considerations.* Ito ay nagsasaad na maaaring magmula sa pag-aaral ng mga tao sa mga regular na pattern o estruktura ng mga salita kung saan mas madalas ang pagtatapos ng salita sa isang particular na letra o tunog.

Ang mga Kakaibang Pagbaybay o *Unique Orthography*

Ang *unique orthography* ay tumutukoy sa mga tuntunin at pamamaraan sa wastong pagbabaybay batay sa itinakdang pamantayan at kumbensiyon (Llaurado at Dockrell, 2020). Ito ay isa sa mga dapat bantayan ng mga mag- aaral (Barrot, 2016) sapagkat ito ang pinakanapapansing *linguistic features* ng *Netspeak* (Fenianos, 2020) at ang pagkakaroon ng pagkakamali rito ay maaaring magresulta sa pagkakapalit ng kahulugan at maaaring magdulot ng kalituhan (Li at Shi, 2015). Ito ay ang paglalaro sa mga salita sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga pantig.

Sa Talahanayan 7 ay makikita ang mga salita sa *Unique Orthography* na kung saan ay mayroong animnapu’t dalawang (62) salita ang nakita sa loob ng limang (5) klase ng sanaysay na sinuri ng mananaliksik.

Talahanayan 7. Mga Salita sa Unique Orthography

Blg.	Salita	Orihinal na Salita	Frequency	Leksikal na Pattern (*Netspeak*)
1	“Yung”	Iyong	20	*Unique Orthography*
2	“Korap”	Kurap	4	*Unique Orthography*
3	"nigatibo"	negatibo	4	*Unique Orthography*
4	"sulosyun"	solusyon	2	*Unique Orthography*
5	"subrang"	Sobrang	2	*Unique Orthography*
6	"inosenting"	Inosenteng	2	*Unique Orthography*
7	“Bagyu”	Bagyo	2	*Unique Orthography*
8	"pinagbasihan"	pinagbasehan	2	*Unique Orthography*
9	"estraktura"	estruktura	2	*Unique Orthography*
10	"motivasyon"	motibasyon	2	*Unique Orthography*
11	"pagkatutu"	pagkatuto	2	*Unique Orthography*
12	"responsabli"	responsible	2	*Unique Orthography*
13	"insedenti"	Insidente	2	*Unique Orthography*
14	"kong"	kung	1	*Unique Orthography*
15	"basi"	base	1	*Unique Orthography*
16	"kumento"	komento	1	*Unique Orthography*
17	"kumento"	komento	1	*Unique Orthography*
18	"diskasyon"	diskusyon	1	*Unique Orthography*
19	"termeno"	termino	1	*Unique Orthography*
20	"merun"	Mayroong	1	*Unique Orthography*
21	"respito"	respeto	1	*Unique Orthography*
22	“Taohan”	Tauhan	1	*Unique Orthography*
23	"pasolit"	pasulit	1	*Unique Orthography*
24	"kaparis"	kapares	1	*Unique Orthography*
25	"epiktibo"	epektibo	1	*Unique Orthography*
26	"parti"	parte	1	*Unique Orthography*
27	"keysa"	kaysa	1	*Unique Orthography*
Kabuoan			*62*	

Makikita na ang pinakamarami ang pag-uulit ng salitang “yung” na may frequeny count na dalawampu (20). Ito ay mula sa orihinal na salitang “iyong”. Pumangalawa naman ang “korap” na mula sa salitang “kurap” at “kong” na mula naman sa “kung” na may frequency count na 4. Mula sa mga pattern na ito ay makikita ang pagkakaroon ng kakaiba o *unique* na paraan ng paggamit ng salita. Ito ay ang pagdadaglat ng salita at pagpapalit ng letra dito.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Tuquib at Bacus (2024) nakita rin ang ganitong paraan ng paggamit ng mga respondente ng kanilang pag-aaral sa salita. Sinabi sa kanilang pag-aaral na ang ganitong paraan ng paggamit ng salita ay nagbibigay ng malawak at malalim na pagpapahayag ng opinion at damdamin sa mga kabataan (Salvacion at Limpot, 2022). Ito ay espesyal na sistema ng pagsulat na ginamit sa ilang wika. Maaaring naglalaman ng mga di-pamilyar na titik, simbolo, o kumbinasyon ng mga letra na hindi karaniwan sa iba pang mga sistema ng

pagsulat. Ang ganitong uri ng ortographiya ay maaaring magdulot ng mga hamon at opurtunidad sa pag-aaral at pag-unlad ng wika.

Tulad ng *Korean hangul* ay isang halimbawa ng *unique orthography* dahil may sariling sistema ng mga titik na hindi kasing-konsepto ng mga titik sa alpabeto ng kanluran. Ngunit, sa sitwasyon ng wikang Filipino ay nagbigay ng pambihirang karanasan sa pag-aaral ng wika at nagpapakita ng pagpapalitan ng titik buhat sa orihinal na baybay dahil sa karaniwang kultural na pagsasaalang-alang sa pagbuo ng sistema ng pagsulat. Ang *unique orthography* o pagbabago ng baybay ay isang proseso kung saan ang paraan ng pagsulat ng isang wika, kadalasang upang maipahayag ang partikular na tunog, tono, o kahulugan nang mas epektibo. Sa pamamagitan ng pagbabago ng baybay, maaaring magamit ang mga simbolo upang ipahiwatig ang mga tono, diin, o iba pang mga aspekto ng wika na hindi gaanong nailalarawan ng tradisyonal na alpabeto. Halimbawa, sa ilang wika sa Timog-Silangang Asya, ang pagdagdag ng mga tuldok, guhit, o iba pang mga simbolo sa mga titik ay maaaring magpahayag ng mga kahulugan o *nuances* na hindi madaling maipahayag gamit ang tradisyonal na baybay.

Ang pagbabago ng baybay ay maaaring maging isang paraan ng pagpapahalaga sa tradisyon at kultura ng isang grupo ng tao. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga dating o lokal na paraan ng pagsulat, maaaring maipakita ang kahalagahan ng kanilang wika at kultura sa kabila ng modernisasyon at globalisasyon. Sa ilang mga wika na may mga tunog na mahirap maipahayag gamit ang tradisyonal na alpabeto, ang pagbabago ng baybay ay maaaring magbigay daan sa mas malinaw na pagbigkas at pag-unawa sa mga salita. Sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga bagong titik o simbolo, maaaring maging mas epektibo ang pagpapahayag ng mga tunog na ito. Ang unique orthography ay maaaring magkaroon ng positibong epekto sa pag-unlad ng pagsusulat sa isang wika. Sa pamamagitan ng pagsasama ng mga elemento ng tradisyonal na pagsusulat at mga bagong paraan ng baybay, maaaring magkaroon ng mas malawak na kakayahan ang wika na maipahayag ang mas maraming kahulugan at *nuances*. Ang proseso ng pagbabago ng baybay ay maaaring maging isang aktibong paraan ng pakikibahagi ng komunidad sa pag-unlad at pagpapalawak ng kanilang wika. Sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagpapayo ng mga miyembro ng komunidad, maaaring magkaroon ng kolektibong pagtanggap at pagpapatupad ng mga bagong orthographic na patakaran.

Sa pangkalahatan, ang kakaibang pagbaybay o *unique orthography* ay isang mahalagang aspekto ng wika at kultura na nagpapahiwatig ng pagbabago, pag-unlad, at pagpapahalaga ng isang komunidad sa kanilang sariling wika at identidad. Ito ay patuloy na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kahalagahan ng wika sa lipunan.

Ang mga Salitang Salitang balbal sa internet o *Internet Slang*

Ang internet slang o *social media style of writing* ay lumabas na rin sa libro ni Crystal (2011) na pinamagatang "*Language and the Internet"* na kung saan ay pinag-usapan ang tungkol sa limang importanteng aspekto ng wika sa internet. Ito ay ang

graphic (biswal na presentasyon), graphological, grammatical, lexical, at diskurso. Ang *graphic* ay tumutukoy sa simbolo o karakter na ginagamit sa pagsulat ng wika. Ito ang naglalarawan sa anyo ng mga titik, numero, at iba pagn mga marka na ginagamit upang ipahayag ang mga tunog at kahulugan ng wika. Ang *graphological* ay tumutukoy sa mga aspekto ng pagsulat. Nabibilang dito ang pagkakasunod-sunod ng mga letra, sukat ng titik, paggamit ng kulay (kung mayroon), at iba pang elementong biswal na nagbibigay ng impormasyon sa teksto. Ang grammatical ay tumutukoy sa patakaran at kaayusan ng mga salita sa pangungusap upang makabuo ng maayos na kahulugan. Kasama na rito ang pag-aaral ng mga tao sa pangungusap, pag-aayos ng mga salita sa tenses, aspekto, mood, at iba pa. Lexical ang tumutukoy sa mga salita o leksiyon ng isang wika. Dito inilalarawan ang kahulugan ng mga salita, ang kanilang pagkakasunodo-sunod at kung paano sila ginagamit sa iba't ibang konteksto. Ang panghuli naman ay ang diskurso na tumutukoy sa pag-aaral sa organisasyon at pagpapahayag ng mga ideya sa loob ng isang teksto o talata.

Sa limang nabanggit, ang *graphic* at *graphological* ang pinakakapansin- pansin. Ang dalawang ito ay parehong tumutukoy sa mga aspekto ng pagsusulat na may kinalaman sa anyo at estruktura ng teksto. Ang graphic ay mas pangunahing tumutukoy sa mga karakter at simbolo, habang ang graphological ay mas pangkalahatan at sumasaklaw sa mga aspekto ng pagsulat na hindi direktang nakikita sa anyo ng mga titik at simbolo.

Sa Talahanayan 8 ay ipakikita ang mga salitang nabibilang sa internet slang at ang uri nito. Mapapansin sa talahanayan na mayroon lamang dalawang uri ng *Internet Slang* ang makikita sa mga sanaysay ng mga mag- aaral. Ang mga ito ay ang *spelling* at *meaning deviation*. Kapag sasabihing *meaning deviation* ay gumagamit ng salitang Ingles pero naiiba na ang kahulugan kapag gagamitin sa Filipino.

Talahanayan 8. Mga Salita sa Internet Slang

Blg.	Salita	Orihinal na Salita	Leksikal na Pattern (*Netspeak*)	Frequency	Uri
1	"choise"	Choice	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Spelling*
2	"interactibo"	Interaktibo	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Spelling*
3	"nakin"	Akin	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Reverse Speech*
4	"jowa"	Kaparehas	*Internet Slang*	2	*Filipino Slang, Meaning Deviation*
5	"e-improve"	i-improve	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Meaning Deviation*
6	"basis"	Basehan	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Meaning Deviation*
7	"interest"	Interes	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Meaning Deviation*
8	"Rango"	Rango	*Internet Slang*	1	*Filipino Slang, Meaning*

					Deviation
Kabuoan				*9*	

Sa kabuoan, ipinapakita na mayroon lamang walong salita na nabibilang sa Internet slang at ang pinakapinakaumulit ay ang salitang “jowa”. Sa pag-aaral nina Monderin at Go (2021), binigyan nila ng kategorya ang Internet Slang. Ang mga sumusunod ay *reverse speech, gay lingo, pronunciation, bilingual phrases, meaning deviation, spelling, at social media slang.*

Ayon kay Oates (2010), ang *reverse speech* ay isang konsepto sa larangan ng *parapsychology* at *linguistics* na nagmumungkahi na may mga mensahe o kahulugan na maaaring matagpuan sa audio na ibinabalik o ibinaligtad. Ang teoryang ito ay nagpapahiwatig na ang ilang mga mensahe, kahit na hindi malinaw o wala sa unang pandinig, ay maaaring lumitaw kapag ang audio ay tinugmaan o ibinaligtad. Sinasabing ang utak ng isang tao ay bumubuo ng mga mensahe sa dalawang paraan: ang normal na paraan ng pagsasalita at pag-unawa, at ang "reverse" o ibaligtad na proseso. Ang mga tagasuporta ng reverse speech ay naniniwala na ang mga ito ay hindi lamang basta kabalintunaan ng tunog, kundi mayroon ding mga tunay na kahulugan o mensahe na maaaring maunawaan kapag ito ay nabaligtad.

Ito ay mga salitang kadalasang ginamit sa *online* na komunikasyon. Pinili o binago ang dating mga salita o parirala gaya ng “jowa”, “nakin” at iba pa na makikita sa mga awtput ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Maging sa pagsulat ng pormal na sanaysay ay nadadala ito dahil nakabuklod na ito ng buo sa tao sa pagsusulat mula sa *online* na komunidad. Maaaring maging sanhi ito ng di-pagkakaintindihan lalo na sa mga taong hindi pamilyar sa mga kahulugan ng mga salitang ito.

> *“Internet slang is a new language with innovative and novel characteristics, and its use can be considered a form of creative advertising”*

Itinuturing na masining na pag-aanunsiyo dahil sa kakayahang humikayat ng interes at makabagong paraan ng pakikisalamula ng mga tao lalo na sa *online* na espasyo. Ang mga kampeyn at negosyo ay makabuo ng kampeyn sa social media na nakakukuha ng pansin at nagsisilbing pagpapahalaga sa kanilang mga produkto o serbisyo. Nagbibigay ito ng tatak o brand bilnag kaakibat ng panahon. Kaya hindi malayo na Malaki ang impluwensiya ng internet slang maging lubos na sa *online* na espasyo na nadadala mismo sa loob ng klasrum.

Dagdag din, ang *meaning deviation* ay isang konsepto sa larangan ng linguistics na tumutukoy sa pagbabago o pag-alis sa kahulugan ng isang salita, ekspresyon, o konsepto sa loob ng isang wika. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng iba't ibang paraan tulad ng paggamit ng mga idyoma, pagsasama ng mga salita sa iba't ibang paraan, o paggamit ng mga salitang may ibang kahulugan kaysa sa karaniwan ito ay ayon kay Saussure sa kaniyang pag-aaral noong 1977 (Basel at

Ibrahim, 2014). *Ang "meaning deviation*" ay mahalaga sa pag-aaral ng wika dahil ito ay nagpapakita ng pagiging malikhain at pag-unlad ng wika, pati na rin ang pagiging adaptibo nito sa iba't ibang konteksto at sitwasyon. Ang wika ay lumalawak at nagpapahayag ng higit pang mga kaisipan at damdamin sa pamamagitan ng mga paraan tulad ng meaning deviation. Ang pag-unawa sa ideyang ito ay mahalaga para sa mas mahusay na pag-unawa sa kung paano gumagana ang wika at kung paano ito nagbabago at naaayon sa iba't ibang sitwasyon at konteksto.Talahanayan 9. Baryasyon ng Netspeak sa Akademikong Sulatin

Salita	Orihinal na Salita	Baryasyon	Frequency	Percentage (%)	Leksikal na Pattern
1. "Di"	Hindi	"di", "de"	37	27.01	Abbreviation
2. "Yung"	Iyong	"yung", "yong"	20	32.26	Unique Orthography
3. "meron"	Mayroong	"meron", "miron"	10	7.3	Abbreviation

Ang salitang "di" ang nakakuha ng 37 na *frequency count* na may baryasyon na "di" at "de". Ang orihinal na salita nito ay "hindi" ngunit ang pagkakagamit nito sa formal na sanaysay ay naiba at dinaglatan kaya naman ito ay nabibilang sa leksikal na pattern na pagdadalat o abbreviation. Sumunod naman ang salitang "yung" na may baryasyon na "yung" at "yong". Ito ay nakakuha ng 20 *frequency* at nabibilang sa kakaibang pagbaybay o *unique orthography*. Ang panghuling nakakuha ng pinakamataas na frequency count ay ang salitang "meron" na ang orihinal na salita naman ay "mayroon". Namutawi sa pag-aaral na dalawa ang baryasyon nito sa sanaysay ng mga mag-aaral at ito ay ang "meron" at "miron". Nakakuha ito ng kabuoang frequency na 10 at nabibilang pa rin sa leksikal na pattern na pagdadaglat o *abbreviation*.

Ang baryasyon ng *netspeak* sa akademikong sulatin ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa mga pagbabago o pagkakaiba-iba sa paraan ng pagsulat ng mga mag-aaral sa akademikong konteksto gamit ang mga elementong karaniwang matatagpuan sa *netspeak o internet slang.* Ito ay nagpapakita ng wika sa modernong teknolohiya at komunikasyon, partikular na sa mga kabataan na madalas na gumagamit ng internet at social media.

Narito ang ilang mga komprehensibong paliwanag ukol sa konsepto na ito:

a. Ang baryasyon ng *Netspeak* sa akademikong sulatin ay nagpapakita ng wika na patuloy na nagbabago. Ito ay nagpapakita na ang wika ay nagbabago at naaayon sa mga pangangailangan ng mga gumagamit nito, sa halip na ituring na isang katapat lamang ng formal na wika. Ang baryasyon na ito sa akademikong sulatin ay nagpapahiwatig na ang wika ay hindi limitado sa isang tiyak na anyo o estilo.

b. Maaari itong nagpapakita ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang sariling paraan ng pagpapahayag at ekspresyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng internet slang sa kanilang akademikong sulatin, maaaring nais ng mga mag-aaral na ipakita ang kanilang personalidad at kahusayan sa pagsasalita sa *online* na espasyo.

c. Naglalarawan ito ng kasalukuyang konteksto ng komunikasyon, kung saan ang mga mag-aaral ay mas sanay na sa pagsasalita at pagsusulat sa paraang nakagisnan nila sa *online* na espasyo. Ito ay nagpapakita ng pagbabago sa paraan ng pakikipagtalastasan sa modernong panahon, kung saan ang teknolohiya ay naglalaro ng malaking bahagi sa pang-araw-araw na komunikasyon.

d. Nagpapakita ng pangangailangan ng wika na magbago at mag-evolve upang mas maipahayag ang mga kaisipan at damdamin sa iba't ibang konteksto. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa baryasyon na ito, ang wika ay nagiging mas malawak at mas epektibo sa pagpapahayag ng mga ideya sa iba't ibang antas ng lipunan.

Sa kabuoan, ang baryasyon ng *Netspeak* sa akademikong sulatin ng mga mag-aaral ay isang mahalagang aspekto ng pag-unlad ng wika at komunikasyon sa kasalukuyang panahon. Ito ay nagpapakita ng pagiging adaptibo at dinamiko ng wika, pati na rin ang pagpapahalaga ng mga gumagamit nito sa kanilang sariling paraan ng ekspresyon at komunikasyon. Subalit, mahalaga pa rin na balansehin ang paggamit ng baryasyong ito upang matiyak na ang akademikong sulatin ay patuloy na nagpapakita ng tamang antas ng propesyonalismo at kahusayan sa komunikasyon.

Conclusions

Ang ginawang pananaliksik ay nagbigay ng kaalaman hinggil sa tatlong paraan ng pagkakagamit ng *netspeak* sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College. Ang mga ito ay ang abbreviations, unique orthography, at internet slang. Ito ay nagpapatunay na hindi na mapipigilan ang pag-unlad ng wika sa tulong ng internet at mga social media sites kaya naman ay laging bantayan ng guro ang paraan ng pagsusulat ng mga guro lalo pa at sila ang susunod na henerasyon ng mga guro.

Recommendations

Batay sa naging resulta ng isinagawang pananaliksik, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Una, hindi na mapipigilan ang paggamit ng *Netspeak* lalo pa at modernisado na ang mundo. Huwag kalimutan na gumamit ng wika nang tama, lalo na sa

akademikong larangan, upang mapanatili ang kalidad ng komunikasyon. Ang layunin ng mga guro ay turuan ang kanilang mga mag-aaral sa paggamit ng mga salita at estruktura ng pangungusap. Ang pagkilos na ito ay maaaring isagawa sa loob ng silid-aralan o sa buong bansa bilang bahagi ng kampanya para sa tamang paggamit ng wika. Higit pa rito, dahil ang netspeak ay may malaking epekto sa akademikong pagsulat, kailangang bigyang-diin sa mga mag-aaral kung paano maaaring gumamit ng netspeak sa kanilang pagsulat at kung gaano kahalaga na gumamit ng tamang wika sa larangan ng akademikong pagsulat.

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pananaliksik sa mga nabanggit na erya, maaaring magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng *Netspeak* sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa sekondarya.

Compliance with Ethical Standards

Nabanggit sa itaas ang ilang pamantayan sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito ngunit bilang pagtalima sa etika ng pananaliksik, ang paghingi ng permiso sa tanggapan ng Opisina ng President ng kolehiyo at dekana ng paaralan ay mahalagang isinaalang-alang ng mananaliksik. Gayundin, bago nagsimula ang pangunguha ng datos ay hinintay muna ng *Institutional Ethics Review Committee (IERC) Permit* mula sa CMU.

Matapos dumating ang permit ay nagsimula nang humingi ng permiso ang mananaliksik sa lahat ng magiging kasangga niya sa pag-aaral. Itinakda niya rin ang pagpapasagot ng kaniyang talatanungan noong Enero 31, 2024.

Sa pagsasagawa ng pagpapasagot sa talatanungan ay ipinaliwanag ng mananaliksik ang kalikasan at layunin ng pag-aaral. Ipinaalam din sa kanila na kompidensiyal ang mga impormasyong makukuha mula sa kanila kaya hindi ipalalabas ang magiging resulta. Kung kinakailangan mang magbigay ng halimbawang sagot ay sisiguraduhing hindi gagamit ng naturang pangalan ng sumagot, bagkus ay gagamit ng koda. Pagkatapos ng pagpapaliwanag ay nagbigay ang mananaliksik sa isang form na siyang binasa at nilagdaan ng mga respondente upang magpatunay na alam nila ang kanilang karapatan.ang prosesong ito ay paheras lang na ginawa sa pagsusuri ng sanaysay.

Acknowledgments

Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng taong naging parte ng tagumpay ng pananaliksik na ito.
Unang-una sa lahat, sa Panginoong Diyos na siyang nagbigay ng lahat ng kaalaman, lakas ng loob, at lahat ng biyaya upang mapagtagumpayan ang pananaliksik na ito. Maraming salamat AMA! Kung hindi dahil sa iyo ay hindi matatapos ang pananaliksik na ito.
Sa kaniyang guro at tagapayo na si Dr. Julie Ann A. Orobia, na simula pa sa kolehiyo hanggang sa Masteradong Digri ay walang pasubaling ang suporta,

pagbibigay ng payo, tamang mga hakbangin sa pananaliksik, at tumulong mag-edit.
Sa bahagi ng panel na sina Dr. Marbeth G. Aringay, at Dr. Charissa L. Canubas, para sa pagbibigay komento at suhestiyon upang mas mapabuti ang pananaliksik na ito.
Sa kaniyang mga magulang, Mama Marily at Papa Ramil, para sa tulong pinansiyal at emosyonal na suporta.
Sa kaniyang mga mahal sa buhay, Clark A. Literatus, Gwyn A. Literatus, Ian Buton, Alex S. Abalos, at Jay-ar R. Prequencia, para sa pagbibigay ng lakas ng loob at inspirasyon.
Sa kaniyang mga kaibigan lalo na kina Honeylene, Trisha Marie, Leanne Ashley, Cleandy, Mariel, Maricris, Alex, Leah Mae, Reyzamae, Engr. Zenizoe, Sir Reel, Jenard, sa powerpuff girls na sina Joy, Jicel, at Jean Mary, kay Jeffrey Jones, Jedmie, at Joshua sa mga salitang nakapagbibigay lakas ng loob at panalangin.
Sa kaniyang mga katrabaho, Dr. Gemma, Dr. Rubylen, Ma'am Virginia, Ma'am Janarravy, at Sir Traña sa pagbibigay ng mga salitang nakapagbibigay ng lakas ng loob.
At sa lahat ng mga taong hindi nabanggit na siyang nasa likod ng tagumpay na ito, maraming-maraming salamat po!

REFERENCES

Adolescents' Academic Writing. Journal Of Language And Linguistic Studies, 13(1), 144-161. Https://Doi.Org/10.17263/Jlls.26719

Almario, A.S. (2018). Sining Ng Paglika At Panghihiram Ng Salita. Manila: Komisyon Sa Wikang Filipino.

Basel Al-Sheikh Hussein, Ibrahim Abushihab (2014). A Critical Review Of Ferdinand De Saussure's Linguistic Theory. Studies In Literature And Language, 8(1), 57-61. Available From: Http://Www. Cscanada.Net/Index.Php/Sll/Article/View/J.Sll.1923156320140801.3909 Doi: Http://Dx.Doi.Org/10.3968/J.Sll.1923156320140801.3909

Crystal, D. (2011). Internet Linguistics: A Student Guide (1st Ed.). Routledge. Https://Doi.Org/10.4324/9780203830901

David Oates' Theory Of Reverse Speech: A Critical Examination. (N.D.). Https://Www.Hallofmaat.Com/Languages/David-Oates-Theory-Of-Reverse-Speech-A-Critical-Examination/

Hall, Jeffrey & Liu Dong. (2022). Social Media Use, Social Displacement, And Well-Being. Current Opinion In Psychology. 46. 101339. 10.1016/J.Copsyc.2022.101339.

Ikhsan, I., Fitrisia, D., & Nasir, C. (2021). An Analysis Of Clipping Words On Whatsapp Group Chat. English Education Journal, 6(3), 147–156. Http://Jim.Unsyiah.Ac.Id/Read/Article/Download/18669/8591

Kang, H. (2021). Morphological Analysis And Communicative Effect On Netspeaks During Covid-19 Pandemic. English Language And Literature Teaching, 8(1), 92-101. Doi: 10.17248/Ell.2021.08.1.8.

Llaurado, A., & Dockrell, J. E. (2020). The Impact Of Orthography On Text Production In Three Languages: Catalan, English, And Spanish. Frontiers In Psychology, 11,

521329. Https://Doi.Org/10.3389/Fpsyg.2020.00878
Ramota, C. M. L. (2013). Ang Internet Bilang Espasyong Pulitikal Sa Pilipinas: Pakikilahok, Pamamahala, At Protesta Sa Cyberspace = Internet As A Political Space In The Philippines: Participation, Governance, And Protest In The Cyberspace. Https://Ejournals.Ph/Article.Php?Id=8037
Salvacion, N. J. D., & Limpot, N. M. Y. (N.D.). Linguistic Features Of Filipino Netspeak In Online Conversations. Epra International Journal Of Multidisciplinary Research (Ijmr), 171–177. Https://Doi.Org/10.36713/Epra9380
Shaari, A.H., & Bataineh, K.B. (2015). Netspeak And A Breach Of Formality: Informalization And Fossilization Of Errors In Writing Among Esl And Efl Learners. International Journal For Cross-Disciplinary Subjects In Education, 6, 2165-2173.
Shalini Thangaraj, Mahendran Maniam. (2015). The Influence Of Netspeak In Students' Writing. Journal Of Education Of Learning. Vol. 9(10 Pp. 45- 52.
Tahir, Sidra & Asghar, Sumbal & Mahmood, Nasir. (2015). Influence Of Sms (Short Message Service) Language On Academic Writing Of Post- Graduate Students. 23. 79-87.
Thangaraj, S., & Maniam, M. (2015). The Influence Of Netspeak On Students' Writing. Journal Of Education Of Learning. Vol. 9 (10 Pp 45-52).
Thurlow, C., & Isaacs, E. (2018). Language And Digital Media. Routledge. Tomašević, M., & Kuzmanović, B. (2017). Effects Of Netspeak On Slovene
Trust, E. (2022). Linguistic Features Of Filipino Netspeak In Online Conversations. 8. 171-177.
Tuquib, J., & Bacus, R. (2024). Netspeak In Students' Academic Writing: A Case In The Philippines.